# Sistema ng Tulong Pinansyal para sa mga Estudyante ng Senior Haiskul mula sa Pamilyang Maliit ang Kinikita

Para sa mga gustong mag-aral sa senior haiskul, may mga sistema ng suporta tulad ng "tulong pinansyal para sa pagpasok sa haiskul" kung saan binabayaran ng gobyerno ang matrikula at ang "sistema ng iskolarship" kung saan hindi na kailangang ibalik ang pera.

| Sistema ng suporta | Buod | Karagdagang impormasyon |
| --- | --- | --- |
| Sistema ng tulong pinansyal sa pagpasok sa paaralan | ○ Babayaran ng gobyerno ang matrikula sa senior haiskul para sa iyo.<br>○ Ito ay maaaring gamitin ng mga estudyante mula sa pamilya na maliit lamang ang kinikita.<br>○ **Maaari itong gamitin ng mga estudyante na naninirahan sa Hapon at nag-aaral sa senior haiskul.**<br>○ **Ang gobyerno ang magbabayad ng matrikula sa paaralan.** <u>(Ang estudyante at mga magulang niya ay hindi tatanggap ng pera.)</u> | Mangyaring magtanong sa paaralan para sa detalye.<br>・ Paaralang kasalukuyang pinapasukan<br>・ Paaralan na balak pasukan<br>http://www.pref.shizuoka.jp/kyouiku/kk-050/syugakusien.html<br>（"Impormasyon sa sistema ng tulong sa pag-aaral para sa mga estudyante sa senior haiskul", Dibisyon ng Edukasyon sa Haiskul, Shizuoka Prefectural Board of Education）<br>https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/1342674.htm<br>("Sistema ng tulong pinansyal sa pagpasok sa senior haiskul", Ministeryo ng Edukasyon, Kultura, Palakasan, Agham at Teknolohiya (MEXT)）<br>* "Matrikula" = Perang binabayad para sa pag-aaral |

| Sistema ng suporta | Buod | Karagdagang impormasyon |
| --- | --- | --- |
| Sistema ng iskolarship | ○ Ang mga pamilya na maliit lamang ang kinikita ay maaaring makakuha ng tulong pinansyal na hindi na kailangang bayaran.<br><br>○ Mga estudyante na maaaring gumamit ng sistemang ito<br>・**Naninirahan sa Hapon**<br>・**Tumatanggap ng tulong pinansyal para sa pamumuhay**<br>・**Walang binabayarang buwis sa paninirahan** | Mangyaring magtanong sa paaralan para sa detalye.<br>・ Paaralang kasalukuyang pinapasukan<br>・ Paaralan na balak pasukan<br><br>**[Pampublikong haiskul]**<br>http://www.pref.shizuoka.jp/kyouiku/kk-050/kyuhukin.html<br>(Dibisyon ng Edukasyon sa Haiskul, Shizuoka Prefectural Board of Education, )<br>**[Pribadong haiskul]**<br>http://www.pref.shizuoka.jp/bunka/bk-140/siritsusyougakukyuuhukin.html<br>(Dibisyon ng Promosyon ng Edukasyon sa Pribadong Paaralan, Departamento ng Isports, Kultura at Turismo, Lalawigan ng Shizuoka)<br><br>* "Buwis sa paninirahan" = buwis na dapat bayaran sa bayan/lungsod na tinitirhan. |

| Sistema ng suporta | Buod | Karagdagang impormasyon |
| --- | --- | --- |
| Suporta para sa mga estudyante na biglaang nagkaroon ng pagbabago sa kinikita ng sambahayan | ○ Kapag nabawasan ang halaga ng kinikita ng mga magulang, sasagutin ng pamahalaan ang iyong matrikula.<br>○ Mga estudyante na maaaring gumamit ng sistema.<br>・ Ang mga estudyanteng papasok o kasalukuyang pumapasok sa senior haiskul na nabawasan ang kinikita ng mga magulang dahil "**ang magulang ay tumigil sa pagtratrabaho**" o "**nagsara ang kumpanyang pinagtatrabahuan ng magulang**". | Mangyaring magtanong sa paaralan para sa mga detalye.<br>・ Paaralang kasalukuyang pinapasukan<br>・ Paaralan na balak pasukan<br><br>https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/1344146.htm<br>("Iba pang mga suporta sa pag-aaral", Ministeryo ng Edukasyon, Kultura, Palakasan, Agham at Teknolohiya (MEXT)) |
| Suporta para sa muling pag-aaral | ○ Ang mga estudyante na huminto sa pag-aaral ng senior haiskul ay maaaring makatanggap ng tulong pinansyal kapag gustong pumasok muli sa paaralan. | |

| Sistema ng suporta | | Buod | Karagdagang impormasyon |
|---|---|---|---|
| Sistema ng pautang sa pag-aaral | Sistema ng pautang para sa edukasyon | ○ Pagpapahiram ng pera sa mga estudyante.<br>○ Kailangang bayaran ang pinahiram na pera pagkaraang makapagtapos ng senior haiskul. | http://www.pref.shizuoka.jp/kyouiku/kk-050a/syougaku/sub_ks.html<br>（Dibisyon ng Edukasyon sa Haiskul, Shizuoka Prefectural Board of Education ） |
| | Sistema ng iskolarship para sa part-time na pag-aaral o distance learning na pag-aaral | ○ Pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga estudyante.<br>○ Hindi kailangang ibalik ang pera pagkaraang makapagtapos ng senior haiskul. | http://www.pref.shizuoka.jp/kyouiku/kk-050a/syougaku/sub_ss.html<br>（Dibisyon ng Edukasyon sa Haiskul, Shizuoka Prefectural Board of Education ） |

**◎ Kung mayroon kang anumang katanungan, mangyaring dumulog sa mga sumusunod.**

[Pampublikong haiskul] Paaralang kasalukuyang pinapasukan o paaralan na balak pasukan

[Pribadong haiskul] Grupo ng Tulong Pinansyal, Dibisyon ng Promosyon ng Edukasyon sa Pribadong Paaralan, Lalawigan ng Shizuoka (Telepono: 054-221-2066) * Wikang Nihongo lamang.